



ERBUHAY

(english edition: www.verbuhaymagasin.com)

GABAY SA BIBLE SHARING

IKA-ANIM NA LINGGO SA KARANIWANG PANAHOON (K) • PEBRERO 17, 2019

Mapapalad Kayo...



(Pambungad na Panalangin)

I. ANG TATLONG PAGBASA

UNANG PAGBASA (Jer 17:5-8)

Pagtiwala sa Tao

⁵ITO ang sinasabi ng Panginoon: “Parurusahan ko ang sinumang tumatalikod sa akin, at nagtiwala sa kanyang kapwa, sa lakas ng mga taong may hangganan ang buhay. ⁶Ang katulad niya’y halamang tumubo sa ilang, sa lupang tigan, at sa lupang maalat na walang ibang tumutubo; walang mabuting mangyayari sa kanya.

Pagtiwala sa Diyos

⁷Ngunit maligaya ang **taong nananalig sa Poon**, pagpapalain ang umaasa sa kanya. ⁸Ang katulad niya’y halamang nakatanim sa tabi ng batisan, ang mga ugat ay patungo sa tubig; hindi ito manganganib kahit dumating ang tag-init, sapagkat mamamalaging luntian ang mga dahon nito, kahit di umulan ay

wala itong aalalahanin; patuloy pa rin itong mamumunga.”

Tema: **Pananalig sa Panginoon**

PAGPAPALIWANAG

- Hinati sa dalawang bahagi ang texto:
 - Una, sila na nagtiwala sa tao (bb. 5-6). Ito ay naglalarawan sa mga nagtiwala sa tao//iniaasa ang kanyang buhay sa may kamatayan, sinumpa katulad ng dawag sa lupang tuyo (simile), , pinabayaan at walang naninirahan at walang kaligayahan.
 - pangalawa: sila na nagtiwala sa Panginoon (bb 7-8). Ito ang nananalig sa Panginoon at// umaasa sa kanya: para siyang punong nakatanim (*simile*) sa may tubig, sagana

(sa tubig) hindi natatakot sa init dahil nananatiling buhay ang mga dahon, at sa tagtuyo ay lagi siyang namumunga.

- May dalawang matingkad na salita ang Pagbasa tungkol sa mga hindi naniniwala sa Panginoon (kundi sa tao): Isinumpa sila. Putulin sila, walang mga bunga, itatapon— Isinumpa. Wala silang kinabukasan. Wala silang kasiyahan sa buhay (walang pagbabago, walang pag-iiba ng panahon, lahat tagtuyo at nakakayamot).
- Samantala, sila na kanilang nagtitiwala (umaasa) sa Panginoon ay buong sigla na pinupuri: Mapalad sila...(masaya sila, suwerte sila... nasisiyahan sila sa buhay. Patuloy na dumadaloy sa kanila ang enerhiya ng buhay, Lumalago sila at mabunga kahit na ano ang mga kalagayan sa kanilang paligid.

PAGNINILAY

Ang bawat Kristiyano ay dapat nagtatanong: Kanino ba talaga ako nagtitiwala? Sa araw-araw na pangyayari, alam natin kung ang tao ay nagtitiwala sa Diyos o hindi. Kung tayo ay pumupunta sa mga politiko kaysa sa Panginoon (sa panalangin) para patnubayan (walang pagtitiwala sa panginoon). Kung tayo ay pumupunta sa lider ng mga sundalo para sa ating proteksyon (wala ring pagtitiwala sa Panginoon).

SALMONG TUGUNAN (Slm 1) MAPALAD ANG UMAASA SA PANGINOON TUWINA.

IKALAWANG PAGBASA (1 Cor 15:12, 16-20)

MGA KAPATID: ¹²Kung ipinangangaral naming si Kristo’y muling nabuhay, ano’t sinasabi ng ilan sa inyo na hindi bubuhaying muli ang mga patay?¹⁶**Kung hindi bubuhaying**

muli ang mga patay, hindi rin muling binuhay si Kristo. ¹⁷At kung hindi muling binuhay si Kristo, kayo’y hindi pa nahahango sa inyong mga kasalanan, at walang katuturan ang inyong pananampalataya. ¹⁸Hindi lamang iyan, lilitaw pa na ang lahat ng namatay na nananalig kay Kristo ay napahamak. ¹⁹Kung ang pag-asa natin kay Kristo ay para sa buhay na ito lamang, tayo na ang pinakakawawa sa lahat ng tao. ²⁰Ngunit ang totoo, si Kristo’y muling binuhay bilang katibayan na muling bubuhayin ang mga patay.

Tema: **Ang Pagkabuhay-muli ng mga Patay**

PAGPAPALIWANAG

- Ipinapahayag ng b. 12 na ang mga patay ay magkakaroon ng buhay dahil sa pagkabuhay ng muli ni Hesukristo. Kung natatanggap natin ang Pagkabuhay ni Hesus, kailangang matatanggap din natin ang Pagkabuhay ng Muli ng mga Patay..
- Ipinapaliwanag ng bb.16-19 kung ano ang maganap kung si Kristo ay hindi nabuhay nang muli, kung ang mga patay ay hindi mabubuhay: sayang ang ating pananampalataya. Nanatili pa rin tayong nanirahan sa pagkakasala (walang pag-asa). Tayo ang pinakakawawang nilalang.
- Pinapatibay ng b. 20 ang pagkabuhay ng muli ni Hesukristo, ang unang bunga ng pagkabuhay ng mga patay.

PAGNINILAY

Ang pananalig natin sa pagkabuhay ng muli ay nagbibigay sa atin ng kaseguraduhan ng pagkabuhay muli ng mga patay.

Ang katotohanan ng Pagkabuhay Ng Muli ni Kristo ay siyang susi ng ating pag-asa, ang susi sa ating paniniwala na resulta nito, ang pagkabuhay muli ng mga patay.

Ang paniniwala sa pagkabuhay ng muli ni Kristo ang nagbibigay kahulugan at dignidad ng ating pananampalatayang Kristiyano at pamumuhay Kristiyano.

MABUTING BALITA (Lc 6:17, 20-26)

Tagpuan: Kapatagan

¹⁷NOONG panahong iyon, bumaba si Hesus, kasama ang Labindalawa, at tumayo siya sa isang patag na lugar. Naroon ang marami sa kanyang mga alagad at ang napakaraming tao buhat sa Judea at Jerusalem, at sa mga bayan sa baybaying-dagat ng Tiro at Sidon.

Pagpapala: Mapapalad!

²⁰Tumingin si Hesus sa mga alagad, at kanyang sinabi, “**Mapalad** kayong mga dukha, sapagkat ang Diyos ang maghahari sa inyo!

²¹“**Mapalad** kayong mga nagugutom ngayon, sapagkat kayo’y bubusugin!

“**Mapalad** kayong mga tumatangis ngayon, sapagkat kayo’y magagalak!

²²“**Mapalad** kayo kung dahil sa Anak ng Tao kayo’y kinapopootan, ipinagtatabuyan at inaalimura ng mga tao, at pati ang inyong pangalan ay kinasusuklaman. ²³**Magalak** kayo at lumukso sa tuwa kung ito’y mangyari, sapagkat malaki ang inyong gantimpala sa langit—gayon din ang ginawa ng kanilang mga ninuno sa mga propeta.

Sawimpalad

²⁴“Ngunit sa **aba** ninyong mayayaman ngayon, sapagkat nagtamasa na kayo ng kaginhawahan!

²⁵“Sa **aba** ninyong mga busog ngayon, sapagkat kayo’y magugutom!

“Sa **aba** ninyong nagsisitawa ngayon, sapagkat kayo’y magdadalamhati at magsisitangis!

²⁶“Sa **aba** ninyo, kung kayo’y pinupuri ng lahat ng tao, sapagkat gayun din ang ginawa ng

kanilang mga ninuno sa mga bulaang propeta.”

Tema: **Ang Mapapalad**

PAGPAPALIWANAG

- Ang texto ay tinatawag na “Pagtuturo sa Kapatagan”; iba ito sa Mateo na “Pagtuturo sa Bundok”
- Tungkol ito sa mga Mapapalad at mga Sawimpalad, magkabaliktad.
- Ang bb. 20-23 ay tungkol sa mapapalad (mga dukha, mga nagugutom, mga tumatangis, at mga kinapopootan).
- Sa b. 24-26 naman ay ang mga sawimpalad (ang mga maluho, mga nabusog, mga tumatawa, mga pinupuri).
- Ang teksto ay tungkol sa pagkabaliktad ng kinahinatnan sa buhay.

PAGNINILAY

Hindi dapat hinahanap ng Kristiyano ang mga karangyaan sa buhay (kalabisan lang), mga bagay na nagiging maaksaya siya.

II. PAG-UUGNAY

Ipinapakita ng Unang Pagbasa ang pagkaiba ng taong binibiyayaan at taong isinusumpa. Sa Ikalawang Pagbasa naman ipinapakita na tayo ay pinagpala kung tayo ay naniniwala sa Muling pagkabuhay ni Hesukrito at muling pagkabuhay ng mga yumao. At inilalantad ng Mabuting Balita ang magkabaliktad na realidad ng mga pinagpala kaya mapapalad at mga sinusumpa kaya sawimpalad.

III. SALAMIN NG BUHAY

1. Pakinggan ang *popular* na awiting,

“Ang Puso Ko’y Nagpupuri” Bakit pinupuri ni Maria ang Panginoon? Anu-ano ang mga kabaliktarang halaga o pangyayari na ibinanggit ni Maria?



2. Gaano katotoo ang mga katagang ito na sinabi ng isang teologo mula sa Latina Amerika: Ang mga dukha lamang ang tanging magpapalaya sa mga mayayaman? Bakit o bakit hindi?

3. Magbahagi ng karanasan o obserbasyon na masasabi mo’ng ang mga Pilipino ay mapapalad. Bakit?

-Pagpapaliwanag: Fr. Cielo Almazan, OFM
-Isinalin ni Br. Hansel Mapayo, SSP

(Pangwakas na Panalangin)

Mga Bagong Libro ng ST PAULS



PAMBUNGAD NA PANALANGIN

Kristo, aming Panginoon, Ikaw ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Itulot mong makamit namin ang Iyong dakilang pag-ibig sa pamamagitan ng iyong Apostol na si San Pablo at ng Simbahang Katolika. Ipadala Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang maalaala namin ang lahat na Iyong mga ipinangangaral.

Luwalhati sa Ama, sa Anak, at sa Espiritu Santo. Kapara ng sa una, ngayon at magpakailanman at magpasawalang hanggan. Amen.

Kung nais po ninyong makatulong sa ating *Biblical Apostolate*, maari pong magdonate ng *legal size na bond paper* sa:

ST PAULS Ads and Promo Office c/o **Rizaldy Cruz**
7708 ST PAUL Road, San Antonio Village, Makati City
Tels: 895-37-16; 890-7130

PANGWAKAS NA PANALANGIN

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa Iyo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa aming sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinasasalamatang dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maaalaala sana namin at mapangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagnilay-nilayan ang mga ito sa aming puso.

Panginoong Hesus, ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay, maawa Ka sa amin. *Luwalhati...* (mula sa *Prayers of the Pauline Family*)